# Delikado ang magpaputi ng balat



**Gumagamit ng mga produktong pampaputi ng balat ang mga tao sa mga kompleks na dahilang panlipunan at personal.**

**Marami sa mga produktong ito ang di-legal sa UK at napatunayang may mapanganib na mga sangkap.**

Hindi pa nasusuri kung ligtas ang di-legal na mga cream sa balat.

Walang garantiyang ginawa ito sa malinis na kapaligiran, at walang katiyakang ligtas gamitin ang mga ito.

**Ang di-legal na mga pampaputi ng balat ay maaaring magdulot ng mga kondisyong tulad ng acne at eczema. Maaari ding magresulta ang mga ito sa disfigurement at malalalang pangmatagalang problema sa kalusugan.**



## Kilatisin ang binibili mo

Legal ang ilang cream na pampaputi ng balat, pero marami ang ipinagbabawal dahil sa mapaminsalang mga sangkap nito.

Kabilang sa mga mapanganib na ipinagbabawal na mga sangkap ang hydroquinone, mercury, at lisensiyadong mga gamot tulad ng corticosteroids. Hindi legal sa UK at Europa ang mga cream na may mga sangkap na ito sa pangkaligtasang mga kadahilanan.

Napag-alamang doble ang dami ng aktibong steroid na mga sangkap na pinahihintulutan sa inireresetang mga produkto sa mga cream na pampaputi na ibinebenta nang di-legal sa UK.

Hindi porke ibinebenta ay ligtas na ito.

### Basahin ang label

Dapat makita sa pampagandang mga produkto sa UK ang pangalan at address ng tagagawa o importer, at ang mga sangkap.

**Huwag gumamit ng mga produktong pampaputi nang hindi muna sumasangguni sa iyong dermatologist o doktor. Siya ang magsasabi kung ano ang ligtas na paraan na angkop sa iyo.**

**Huwag gumamit ng di-legal na mga produktong pampaputi ng balat na binili sa shop o sa internet.**

**Huwag gamitin sa mga bata ang mga produktong pampaputi ng balat.**

Chartered Trading Standards Institute

Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa:
**www.tradingstandards.uk/cosmetics**